

1

“How do you find our new home, Jared?” Nilapitan ni Barbara ang anak na nakatayo sa back porch ng bahay na nakaharap sa tila walang katapusang palayan.

They arrived around two in the afternoon from Vancouver, Canada. Doon niya isinilang si Jared at eleven years silang tumira roon. Matagal na niyang gustong bumalik sa Pilipinas at manirahan sa lugar na nilakhan niya—ang Lucena—isang malaki at progresibong bayan sa Quezon. Kailanman ay hindi niya ninais na iwan ang lugar ngunit maraming mga pangyayari ang nagdala sa kanya sa kasalukuyang sitwasyon. Ipinilig niya ang ulo. This was not the right time to rake over old coals.

“Maybe I’m going to like it here.” Ngumiwi ito at saka alanganing ngumiti sa kanya.

She understood him. They lived in a fast-paced city before and now their new place was like being in the outback. Ang dating bahay na tinirahan nila ng kanyang mga magulang ay matagal nang nailit ng banko at nang magpasya siyang bumalik ng Pilipinas ay agad niyang inasikaso ang pagbili niyon at ng bakanteng lupa sa paligid ng bahay. Sa tulong ng

construction firm na kinontrata niya online ay naipa-remodel na niya ang dati nilang bungalow.

Although made up of concrete materials, sa malayo ay iisipin ng makakakita na yari ang bahay sa kahoy. Forest brown ang dominant color. May malalaking glass windows at may tribal wood carvings ang mga pinto. The landscape of the garden was spectacular. Ang bakod ng bahay ay mababa lang.

“Mom, dito na po ba tayo titira for good?” mayamaya’y tanong ng anak.

Tumayo siya at kinuha ang isang mug at iniabot iyon dito. Marahil ay nagtataka ito kung bakit sa Pilipinas na sila mamamalagi. Siguro dahil ngayon lang siya nagkaroon ng lakas ng loob na bumalik. She had reasons why she left before. At naroon pa rin ang dahilan kung bakit hindi na siya dapat bumalik.

“Yes. Dito na tayo titira for good.” Pabirong kinindatan niya ang anak.

Alam niyang natanggap na nito iyon. Noong una ay may pagtutol ito sa pasya niyang sa Pilipinas manirahan. She could not blame him. Sanay na ito sa Canada then all of a sudden ay sinabi niya rito ang plano niya. Mabuti na lang at kahit labing-isang taon pa lang ito ay malawak na ang pang-unawa

nito. Mature itong mag-isip kumpara sa mga ka-edad nito. She knew that he could easily adjust to his new environment. Friendly at magalang ang anak niya. Matatas din itong managalog kahit sa ibang bansa lumaki.

“Mom, if you’re trying to annoy me, then you’re not succeeding. Okay lang po sa ‘kin na dito tumira,” sagot nito.

Natawa siya sa inasta nito. Tila napansin nito ang pang-aasar niya. Masuyo niyang hinaplos ang ulo ng anak.

“Anak, I know that you’re having a hard time. Sana, matutunan mong tanggapin na dito na tayo titira. This is our new home. Siguro makakadalaw tayo sa Canada, but this will be our permanent world from now on. Okay ba ’yon?”

Bumuntong-hininga ito bago sumagot. “Opo, Mommy. By the way, saan po ako mag-aaral?”

“Pupunta tayo bukas sa *Saint James University*,” aniya.

Kahit maraming alaala ang ibabalik ng unibersidad ay hindi niya nais i-deprive ang anak sa kalidad ng edukasyon na maibibigay ng *SJU*.

“Sana po may soccer sa P.E. nila, Mommy.” Hopeful ang expression sa mukha nito.

Mahusay ang anak sa iba’t ibang sports at talagang nag-e-excel ito sa academic subjects, pero soccer talaga ang hilig nito. Marunong din itong tumugtog ng gitara.

“Malalaman natin bukas kung meron. Anyway, why don’t you go to your room and take a rest? Tatawagin kita mamaya for our dinner.”

“Okay, Mom.” Papasok na ito sa silid nang muling humarap sa kanya. “Mom...” Bakas ang pag-aalinlangan sa mukha nito.

“Hmm?”

“Uhm... I uhm...” Ngumiwi ito.

“What is it, Jared?”

Huminga ito nang malalim. “Mommy, makikita ko po ba si D-Daddy?”

Ilang beses na niyang sinabi rito na hindi kailanman nila makakasama ang ama nito. Na may sarili nang buhay ang daddy nito. Ngunit tila hindi iyon matanggap ng bata. Napakarami nitong tanong tungkol sa ama at lagi na ay iniwasan niyang sagutin ang mga iyon.

Dati, ang sagot niya rito ay hindi pa panahon para malaman nito ang lahat. That time would come when she'd be the one to tell him.

“J-Jared, di ba na-explain ko na sa 'yo ang tungkol dito?” sagot niya kasabay ng piping dalangin na sana ay huwag na itong mangulit.

Sumusukong itinaas nito ang dalawang kamay. “Sorry, Mom. I just wonder about him.” Tipid itong ngumiti.

Malungkot na sinundan niya ito ng tingin. Sino bang anak ang hindi magtatanong tungkol sa ama nito? Alam niya kung gaano nangungulila sa ama nito ang anak niya pero natatakot siyang sabihin sa bata ang totoo. Paano kung ipilit nitong hanapin at kilalanin ang daddy nito? Malaking gulo iyon.

Pero kumusta na nga kaya si Brad?

Ipinilig niya ang ulo. Kailangan pa bang itanong iyon? Of course, he was doing fine. Noon pa man, alam na niyang malayo ang mararating nito. Na hindi mangyayari kung... kung...

Napalunok siya sa naisip. Hindi niya gustong sayangin ang oras at balikan pa ang lahat. Inumpisahan na niya ang paghahanda ng hapunan nila ng anak.

“Mommy, pupunta po ba tayo mamaya sa school ko?” Jared asked.

“Yup.” Barbara could sense her son’s excitement. Kinurot niya ito sa pisngi.

“Oh, Mom! Quit doing that.” Lumabi ito.

Alam niyang ayaw na ayaw nito na pinipisil ang pisngi.

“And why so?”

“Because I’m a big man now, Mommy.” Tumayo pa ito.

Napahalakhak siya. “Hmp. Mamaya, ayaw mo na ring magpayakap,” kunwa’y nagtatampong saad niya.

“Not going to happen.” Tumayo ito at niyakap siya.

She found it very endearing. “I’ll remember that. O siya, bilisan mo nang kumain.”

Wala siyang natatandaang hindi siya pinasaya ng anak. Ito ang tanging kaligayahan niya sa buhay at lahat ay gagawin niya para rito.

Nang matapos silang kumain ay tumayo na siya

at iniligpit ang mga pinagkainan nila. Pinag-iisipan niya kung kukuha ng kasama sa bahay. Balak niyang mag-open ng business ngunit hindi puwedeng iwan niya si Jared mag-isa sa bahay kapag busy siya.

Nag-commute lang sila papunta sa *SJU*. Hindi pa siya nakakabili ng sasakyan. At mukhang walang problema sa anak kahit nag-jeep lang sila. Mukha ngang aliw na aliw ito.

“I really like it here, Mom.” Hindi na niya mabilang kung ilang beses na nitong sinabi iyon.

When they entered the university, she felt a little nostalgic. Ang hallway ay ibang-iba na. Ang high school department na katabi lang ng college building dati ay malayo na ngayon. Hanggang sa makita niya ang madalas nilang pinupuwestuhan ni... ni Brad noon.

Wala na ang puno ng acacia. May fountain doon kasama ng miniature garden.

Then it hit her.

Wala na ang lugar nila. Kaya dapat matagal na rin niyang kinalimutan ang... ang nakaraan. Pero sino ang niloloko niya? Ni minsan ay hindi nawaglit sa isipan niya ang mga nangyari.

“Mommy, parang ang lalim na naman po ng iniisip n’yo.” Mataman itong nakatingin sa kanya.

“May naalala lang ang mommy. Let’s go.” Pumasok na sila sa registrar’s office at nagtanong.

Wala na siyang kilala sa mga staff na naroon. Matapos pirmahan ang mga dapat pirmahan ay pinag-entrance exam agad ang anak niya. Tuwang-tuwa ito dahil may soccer field ang unibersidad at makakapaglaro ito kung pasado sa try-outs.

Habang nag-e-exam ito ay hindi niya napigilang libutin ang college department. Minsan siyang naging estudyante rito. May mga nakilala at naging kaibigan. May lungkot siyang nadama nang maalala ang best friend na si Mandy.

Matagal na siyang walang balita rito. Isa sa mga araw na ito ay dadalawin niya ang kaibigan. Nang mapadaan sa College of Law ay hindi niya mapigilan ang sarili na lapitan ang bulletin board ng isang fraternity group. Parang tumigil ang tibok ng puso niya nang makita ang isa sa mga nakapaskil doon.

Nanginginig ang kamay na hinaplos niya ang larawan. Ang makakapal na kilay. Those dark piercing eyes, the perfect nose and prominent jaw, and those sensual lips that used to kiss her. Ang buhok nito na

dating may kahabaan ay clean cut na ngayon, but it made him more sinfully gorgeous. Hindi niya alam kung ano ang nararamdaman niya.

He still had the same effect on her. This was how she felt when she met Brad Sebastian years and years ago... at hindi na niya napigilan ang sarili na magbalik-tanaw.

Twelve years ago...

“Girls, I don’t really know kung ano’ng nakita sa kanya ni Brad.”

“Sinabi mo pa. She’s a nobody.”

“A gold-digger.”

Iyon ang karaniwang naririnig niya sa mga estudyante ng Saint James College. Nasa ikatlong-taon siya sa kursong BS Accountancy at kung hindi sa scholarship program ay nuncang makapasok siya roon. Ulila na siya, tatlong taon nang patay ang kanyang mga magulang na naaksidente sa bus. Nabubuhay lang siya sa maliit na school allowance at sa hindi kalakihang suweldo na nakukuha niya mula sa pagtatrabaho bilang cashier sa isang malaking groserya sa bayan. Awa ng Diyos ay napagkakasya

niya iyon. Wala siyang upa na binabayaran dahil naiwan sa kanya ang munti nilang bahay.

Tinanggihan niya ang financial support na alok ng tiyahing si Beatriz sapagkat nahihiya siya. Ito ang kaisa-isang kapatid ng ama niya na noong burol lamang niya nakilala. Ayon sa ama ay may samaan ng loob ang dalawa.

Salat siya sa maraming bagay pero kontento siya. Dahil alam niyang mahal siya ni Brad. Kaya rin ganoon na lang ang galit sa kanya ng maraming babae sa campus sapagkat nagustuhan siya ng isang Brad Sebastian.

Napangiti siya nang maisip ang nobyo. Matalino ito, mayaman, guwapo. Law student ito at bassist ng bandang kinabibilangan. Maraming nagkakagusto rito at wala sa hinagap niya na mapapansin siya ng binata.

Matunog ang pangalan nito sa lahat. Kahit ang baklang best friend na si Mandy ay kilig na kilig dito. Nagkakilala sila ng lalaki sa isang concert na napilitan siyang daluhan dahil sa kakukulit ng kaibigan.

Aksidenteng natapunan siya ni Brad ng Coke. Iyon ang unang pagkikita nila. Nanibago siya sa naramdaman nang gabing iyon. Dapat sana ay

magalit siya rito pero wala siyang madamang ganoon. Ang natatandaan niya lang ay kay lakas ng kabog ng dibdib niya na para na siyang mabibingi. Isang damdamin ang sumibol sa puso niya noong una pa lang silang magkita. Hindi niya kayang bigyan ng pangalan kung ano iyon.

Hanggang sa niligawan siya nito. Noong una ay iniwasan niya ang binata. Marami siyang alinlangan dahil magkaiba ang katayuan nila sa buhay. Pero isang araw ay nagising na lang siyang mahal na mahal ito. Kaya inignora na lamang niya ang sinasabi ng iba. Alam niya sa puso niyang hindi ang yaman nito ang dahilan kaya siya naaakit dito.

Napangiti siya nang makita ang nobyo na naghihintay sa kanya sa isang bench na nasa ilalim ng puno ng acacia. Doon sila madalas magkita. Parang kailan lang nang sinagot niya ito. Malapit na silang mag-isang taon. Their relationship was blissful.

Ang mga tampuhan nila ay hindi tumatagal nang isang oras. Napangiti siya sa naisip. Para silang mga bata kung minsan. At hanggang ngayon ay parang nanliligaw pa rin ito sa kanya. Parati itong may oras kahit abala rin ito sa pag-aaral ng abogasya.

“How’s your day?” Tumayo ito at sinalubong siya. Kinintalan siya nito ng mabilis na halik sa mga labi.

“Heto, excited. Makakasama na kasi kita,” birong-totoo niya.

Humalakhak ito. Gustung-gusto niyang kasama ito. Nagtataka siya dahil parang sobrang bilis ng oras kapag magkasama sila. Madalas siyang biruin ni Mandy na parang lagi raw siyang nasa cloud nine na siyang totoo. Magkahawak-kamay na tinungo nila ang parking lot. Halos lahat ng nakakasalubong nila ay tumitingin sa kanila.

Kung dati’y naiilang siya, ngayon ay medyo nasanay na siya. Ilang beses niyang sinabi sa nobyo ang mga naririnig na tinatawanan lang nito. Hindi raw mahalaga ang sinasabi ng ibang tao. What mattered was the love and trust that they had for each other. Inalalayan siya nitong pumasok sa pick-up nito. Habang nagmamaneho ay napansin niyang tila excited ang kasintahan.

“Bakit ngiti ka nang ngiti?” puna niya.

“Because you’re with me.” Kinindatan pa siya nito na sa tingin niya ay lalong nagpaguwapo rito. Minsan ay napapaisip siya kung ano ang nagustuhan nito sa kanya.

May mga kakilala at kaibigan naman siyang nagsasabing kakaiba raw ang ganda niya. Pero hindi

niya pinagtutuunan ng pansin iyon. Lalong hindi niya pinaniniwalaan.

“Ako din naman. Saan ba tayo pupunta?” tanong niya.

“May bagong bukas na resort sa San Vicente. We’re going to have a picnic. I rented the whole place.”

Ang San Vicente ay halos dulo na ng Quezon. Doon ay maraming magagandang beaches. Hindi kaputian ang buhangin pero magaganda pa rin ang mga resort doon. Salamat na lang at maaga pa. Natuwa siya sa narinig. Until now ay nagugulat pa rin siya sa kasimplehan ng nobyo kahit pa nga nabibilang ang pamilya nito sa tinitingala sa bayan nila. At sa ugali nitong iyon ay natagpuan niya ang sariling lalo itong minamahal.

“Hmm. I like that.” She smiled thoughtfully. “Sino’ng mag-aakala na ang isang Brad Sebastian ay gugustuhing mag-picnic, huh?” panunukso niya.

He grinned. “Bakit, ano ba ang isang katulad ko?” balik nito.

Natawa siya. “Yong isa diyan, gusto lang yatang marinig kung gaano siya kaguwapo.”

Napuno ng tawa nito ang buong sasakyan. Masaya siya kapag tumatawa ito. Umangat ang kanyang kamay at masuyong hinaplos ang mukha nito.

“At gusto yatang marinig kung gaano ko siya kamahal,” she softly added.

Love flooded his face. Itinabi nito ang sasakyan at hinuli nito ang kamay niya. He planted soft kisses on her palm.

“Mahal na mahal kita, Barbara,” sinserong saad nito.

Nais niyang maiyak sa kaligayahang nadarama. “Mas mahal kita, Brad.” Then she passionately kissed him.

Tinugon nito iyon ng buong pagmamahal.

2

“Ang ganda dito, Brad.”

Ang resort na pinuntahan nila ay talagang kabigha-bighani. May cottages na may naglalakihang bintana. Ang sa kanila ay nakaharap sa dagat.

“Alam kong magugustuhan mo dito,” sagot nito habang nakaunan sa mga hita niya. Masuyo niyang hinahaplos ang ulo nito. “Sweetheart, malapit na ang birthday ko,” saad nito.

Mukhang may nais itong hingin. Napangiti siya. Sana ay kaya niyang ibigay. Gusto niyang maging masaya ito.

“I know. Ano ang gustong gift ng Sweetheart ko?” Yumuko siya at mabilis na dinampian ng magaan halik ang labi nito.

“Barbara, you already gave it to me. It is priceless.” Pilyo itong kumindat.

Mabilis niyang naramdaman ang pag-init ng mukha. Months ago ay isinuko niya ang sarili rito nang buong-buo at wala siyang pinagsisihan sa mga nangyari. Tinampal niya ang braso nito.

“Ikaw talaga,” nahihiyang saway niya.

“What? I mean it.” He kissed the back of her palm.

“Oo na po, naniniwala na ako. Pero siyempre gusto ko pa rin na bigyan ka ng regalo.”

“Anything will do. Kahit nga wala, okay lang. By the way, Mama is planning a party.” Umupo ito paharap sa kanya at tinitigan siya.

Hindi niya maiwasang mapalunok pagkarinig sa mama nito. Alam niyang hindi siya gusto ng mga magulang ni Brad. Dalawang beses na niyang nakaharap ang mga ito at malamig na malamig ang naging pakikitungo sa kanya ng matatanda. Punung-puno ng disgusto ang titig ng ina nito sa kanya.

“Gusto ko ay kasama kita.”

Napailing siya. “Alam mong hindi pabor sa ‘kin ang mga magulang mo—”

“That again?” Napabuga ito ng hangin. Sa iilang tampuhan nila ay ang mga magulang nito ang karaniwang dahilan. “Hindi importante sa ‘kin kung ayaw nila sa ‘yo. Ang mahalaga ay mahal mo ako at mahal kita.”

Kung ang ibang tao ay nakakaya niyang

balewalain ang negatibong komento sa kanya, pagdating sa mga magulang ni Brad ay hindi niya magawa.

“Ayokong magalit sila sa ’yo.” Naroon pa rin ang pag-aalinlangan niya.

“Sweetheart, mag-iisang taon na tayo. If they really hate me for loving you then matagal na nila akong itinakwil.” Tila na-amuse ito sa sinabi. “Okay, from the very start alam kong tutol sila pero wala silang ginawa para pigilan ako. At kahit pigilan nila ako, hindi ako susunod sa kanila. That’s how much I love you.” Hinaplos nito ang pisngi niya. Kinabig siya nito at sumandal siya sa malapad na dibdib nito.

There in his arms, she always felt secure. Like no one in this world could harm her. At dama niyang kanya ito. Na walang makakapaglayo sa kanila. She felt him kissing her hair.

She felt his hands gently caressing her back as he kissed her lips. He slowly undressed her. Naramdaman niya ang matinding pagnanais na ibalik dito ang kaligayahang ilang beses na nitong ipinadama sa kanya. Marahan siyang kumalas dito. Their eyes met. She could clearly see the passion and desire in his eyes. She hesitantly pushed him down and slowly placed herself atop him. Sinimulan niyang alisin ang

pagkakabutones ng polo nito. May tanong sa mga mata nito ngunit ngumiti lamang siya. She started kissing his lips... his neck. She heard him groan.

“Barbara... what are you doing?”

“Shh, just let me be, Brad.” Then she went on kissing him. Muli niyang narinig ang pag-ungol nito na siyang tuluyang nagpalakas sa loob niya. Tinanggal niya sa pagkakabutones ang pantalon nito.

“Sweetheart, stop ...” anas nito.

Hindi niya ito pinakinggan. Her throat constricted when she saw his magnificent manhood. She shyly smiled as she encircled his maleness with her palm. He groaned louder this time, as if he was in pain. Impit siyang napatili ng umupo ito at ikulong siya sa mga bisig nito. She could feel his hardness between her thighs.

“I can’t wait anymore, Sweetheart,” he whispered and was suddenly inside her.

“Brad...” she moaned.

Napahawak siya nang mahigpit sa mga balikat nito na para bang anumang sandali ay mabibitawan siya nito. She moved with him. He held her hips and their rhythm became faster. Their emotions escalated

until both of them reached the peak of happiness. Mahigpit siyang niyakap nito.

“I love you, Barbara.”

She smiled and kissed him on the lips.

Dumating ang araw na pinangangambahan niya. It was Brad’s twenty-second birthday.

“Huwag kang kabahan, Barbara. Kaya mo ’yan. Hindi ka dapat matakot sa parents ni Brad,” pagpapalakas-loob niya sa sarili habang nag-aayos sa harap ng salamin.

Sa totoo lang ay kinakabahan talaga siya. Halos wala siyang nagawa buong maghapon. Ang isip niya ay nakatuon sa mangyayari mamaya. Kahit ang sulat na galing sa bangko na nag-iimpormang nakasangla ang maliit nilang bahay ay hindi niya pinagkaabalahan. Naisangla ang bahay nila nang operahan ang mama niya noon.

She took several deep breaths at ipinagpatuloy ang pag-aayos sa sarili. Nagpasya siyang ilugay ang mahabang buhok. Light na light lang ang makeup niya at lip gloss lang ang inilagay niya sa mga labi. Sinipat niya ang dress na isusuot.

It was a simple yet elegant peach haltered dress na hanggang tuhod lang niya. Unang kita pa lang niya rito ay agad niyang nagustuhan. Napangiti siya nang maalala ang pagtatalo nila ni Brad kung sino ang magbabayad ngunit sa huli ay pinagbigyan siya nito.

Narinig niya ang pamilyar na tunog ng sasakyan ng nobyo. Mabilis na nagtungo siya sa pintuan at pinagbuksan ito. He was so handsome standing in front of her. Maging ito ay nakatitig lang sa kanya.

“Happy Birthday, Sweetheart,” bati niya. Kinuha niya ang kanang kamay nito at isinuot dito ang wrist band. “Alam kong marami ka nang mamahaling alahas, kaya sana magustuhan mo ’to,” she shyly whispered as she met his eyes.

“Kahit pa alambre ’yan, magugustuhan ko basta galing sa ’yo.” Sinipat nito ang ibinigay niya. “Aside from your presence, this is the most wonderful gift that I’ve received tonight. Thank you.” He reached for her and gave her a kiss.

Ang maiksing halik na nais nito ay bahagyang tumagal at dumiin. Hinamig niya ang sarili. She liked it too, pero hindi ngayon. Kahit hirap siyang pigilin ito ay determinado niyang pinutol ang halik.

“Brad, pupunta pa tayo sa party mo, di ba?” she teasingly reminded him.

“Hmm, parang ayoko na yata.” He was kissing her neck.

Natawa siya. Bahagya niyang itinulak ito. Kahit ito ay nangingiti sa sarili nitong kalokohan.

“Fine, pero may utang ka sa ’kin, ha?”

“Pati interes, isama mo na.”

Sa huli ay nagtawanan na lang sila.

“Nervous?” tanong ni Brad nang makarating sila sa ancestral house ng mga Sebastian sa Brgy. Santiago na siyang pinakasentro sa bayan ng Geronimo. Hinawakan ng nobyo ang kanyang kamay at ginagap nang mariin.

“Brad...”

“Nandito ako kaya huwag kang matakot. No matter what happens, I’m here, okay?” he reassured her.

Kahit paano ay nabawasan ang kabang nadarama niya. Kasama niya ito at alam niyang hindi siya nito pababayaan. Magkahawak-kamay na tumuloy sila sa

venue ng party. Hindi na siya nagulat sa karangyaang humantad sa kanya pagpasok sa *Villa Manuela*.

Tulad ng usap-usapan, the villa looked regal. Ang mga dekorasyon, handa at mga kagamitan ay nagsusumigaw kung gaano kayaman ang mga Sebastian. Ngunit hindi siya interesado roon.

Maraming kilalang tao sa pagtitipon, nagpapagandahan ng suot pero hindi siya nakaramdam ng panliliit sa simpleng ayos dahil maganda siya sa paningin ni Brad. Iyon ang mahalaga sa kanya.

Nakita at binati sila ng mga kabanda nito na naroon na rin. Kahit papano ay may kilala rin pala siya roon. Naisip niya si Mandy na imbitado rin ngunit kailangan nitong pumunta ng Maynila para ihatid ang nakababatang kapatid sa isang tiyahin sa siyudad.

“Hayun ang Mama’t Papa.” Itinuro ni Brad ang mga magulang na may kausap sa di kalayuan.

Iginiya siya ng nobyo palapit sa mga matatanda. Halos mabingi na siya sa kabog ng dibdib niya ngunit nagpakatatag siya.

“Hijo, where have you been? Your guests are looking for you.” Napakaganda ng ina nito. Dito nakuha ni Brad ang mga mata nito. Magandang-maganda ang pagkakangiti nito na unti-unting

nawala nang magawi ang paningin sa kanya.

Ang ama ng binata na talagang kamukhang-kamukha nito ay blangko ang ekspresyon sa mukha.

“Ma, Pa, Barbara’s with me,” umpisa ng nobyo.

“Good evening po, Ma’am, Sir.” Salamat at hindi nanginig ang boses niya.

Ilang sandaling hindi umimik ang mga kaharap. Pero kahit hindi magsalita ang mga ito ay alam niyang hindi nagustuhan ng mga ito ang ginawa ni Brad na pag-iimbita sa kanya.

“Hijo, you didn’t tell me na dadalhin mo ang babaeng ’yan dito,” Martina Sebastian coldly stated.

Isa iyong direktang pambabastos sa kanya. Napahawak siya sa bisig ng nobyo nang kumuyom ang kabilang kamay nito at magdilim ang mukha.

Huminga ito nang malalim. Halatang pinipigil nito ang galit. “Mama, Papa, she’s my girlfriend kaya dapat lang na kasama ko siya ngayon. Hindi ko siya dinala dito para insultuhin n’yo.” Magsasalita pa sana ang mama nito nang unahan ito ni Joaquin Sebastian, ang ama ni Brad.

“Marty, stop it. Don’t make a scene here,” awat nito. Saglit siyang tinapunan ng dismayadong tingin

ng matandang lalaki bago muling hinarap ang anak. “Hijo, it’s your birthday today at ayokong masira ang okasyong ito.” Inakay nito papalayo ang asawa.

“Brad, don’t be angry. It’s okay,” mahinang sabi niya.

Nakapanlilit man ang ginawa ng mga magulang nito ay hindi niya iyon ininda dahil nakita niya kung paano siya ipinagtanggol ng nobyo.

Hindi ito umimik at inakay na lamang siya palayo sa party. May pagtataka sa anyo ng ilan sa mga nakakasalubong nila. Pareho silang tahimik habang nagmamaneho ang binata. Inihinto nito ang pick-up sa isang parke na malapit sa *SJC*.

“I never expected them to be rude,” basag nito sa katahimikan. Pain and disappointment laced his voice.

“Brad, huwag mo akong isipin. Simula pa lang, alam natin na hindi nila ako magugustahan para sa ’yo. Let’s be realistic. Ang mayaman ay para sa mayaman at ang mga mahihirap ay para sa mahihirap.”

“Don’t say that. I don’t like it when you put yourself down,” madiing saad nito.

Inilapat niya ang isang daliri sa labi nito upang

patahimikin ito.

“Pero iyon ang totoo. It’s a sad fact na hindi natin puwedeng balewalain,” patuloy niya.

“What do you want me to say, Barbara? Na tapusin na natin ’to dahil mayaman ako at mahirap ka? That’s ridiculous.” Nasuntok nito ang manibela.

Birthday na birthday nito pero hayun at nagtatalo sila.

“Brad...”

“I thought you loved me...” Nakalarawan sa mukha nito ang sakit na nararamdaman.

“I love you. Alam mo ’yan.” Tahimik siyang napaluha.

He gently cupped her face. “Then fight for me. We will show them that we love each other. Na ipaglalaban natin ang isa’t isa.”

Yumakap siya rito. “I’m sorry kung mahina ang loob ko, Brad.”

Ilang sandali silang magkayakap. Mayamaya ay muli nitong binuhay ang sasakyan at tinungo ang direksyon ng bahay niya. Nang may madaanang bakery ay bumili sila ng chocolate cake na masaya

nilang pinagsaluhan sa bahay niya.

“This is my happiest birthday... despite everything,” usal nito.

Magkatabi silang nakaupo sa munting sofa. Kahit siguro habang-buhay na nakahilig lang siya sa dibdib nito ay hindi siya magsasawa. She sighed. With him, she was content and happy.

Abala si Barbara sa paglilinis ng bahay. May dalawang linggo siyang semestral break bago magsimula ang summer class. Nagwawalis na siya sa bakuran nang huminto ang isang magarang sasakyan sa tapat niya. Bumaba roon ang ina ni Brad.

“M-Mrs. Sebastian, a-ano po ang ginagawa n’yo dito?” Hindi niya inaasahan ang pagbisita nito.

Mapanuyang sinipat siya nito pati na ang buong bahay niya.

“I’m really wondering kung ano’ng nagustuhan ng anak ko sa ’yo.” Nais niyang bumilib sa pagiging kalmante nito habang nang-iinsulto. “I came here to warn you, Barbara. Layuan mo ang anak ko. You’re no good for him. And you never will be. Kaya kung ako sa ’yo lalayuan ko na siya.” Tumalikod na ito.

Ngunit bago tuluyang sumakay sa magarang *Benz* ay muli itong humarap. “You’d better remember this conversation, Barbara, or I’ll make you regret this.”

Matagal na itong nakaalis ngunit nakatayo pa rin siya sa bakuran. Ano ang ibig sabihin nito na magsisisi siya? Nais niyang maging matatag para kay Brad. Nangako siya rito.

3

Hindi niya inaasahan ang malungkot na announcement ng kolehiyo pagdating ng enrollment nang summer class. Ayon sa dean, aalisin na ang scholarship program sa susunod na academic year. Wala na raw sponsors.

Alam niyang hindi niya kakayanin ang gastos kaya malabong sa *SJC* siya magtapos. Labis ang panghihinayang niya sapagkat isang taon na lang ay graduate na siya. Kahit sa ibang unibersidad ay hindi siya makakapasok dahil maliit lang ang ipon niya ngayon.

Huminga siya nang malalim. Hindi siya dapat mawalan ng pag-asa. Kung makakahanap siya ng trabaho ngayong summer ay aabot pa siya sa opening sa June. Lamang ay hindi na siya sa *SJC* mag-aaral.

Mababawasan na ang pagkakataon na makasama niya ang nobyo. Nang maalala ito ay tinungo niya ang classroom nito. May usapan silang magkikita ngayon. Natigilan siya nang makitang nangangasul ang kaliwang pisngi ng kasintahan.

“A-ano’ng nangyari sa ‘yo?” may pag-aalalang

tanong niya. Tahimik ito at nakatiim ang mga bagang. Tiyak niyang galit ito. “Brad, ano’ng problema?” Hinila niya ito sa isang sulok ng lobby. Halos walang tao sa gawing iyon.

“Papa and I had an argument. Hindi nila dapat ginawa ’yon.” Halos hindi bumubuka ang bibig nito.

“Ang alin?” naguguluhang tanong niya.

He guiltily looked at her. “They asked the school to remove the scholarship program. Damn it!” Tumayo ito at sinuntok ang dingding. “I knew it. Ginawa nila iyon para pahirapan ka pero wala akong nagawa.” Muli nitong sinuntok ang dingding.

“Brad, tama na ’yan...” Hinawakan niya ang kamao nito.

Ngayon niya naiintindihan ang sinabi ng ina nito nang magpunta ito sa bahay niya. Ang pagkawala ba ng scholarship niya ang pagsisisihan niya? Hindi. Mas matimbang ang pagmamahal niya kay Brad kaysa sa kung ano pa man.

Ano ngayon kung hindi siya maka-graduate agad? Sigurado siyang may iba pang pagkakataon para makapag-aral siya at may mga schools na tatanggap sa kanya.

“I’m sorry, Sweetheart. This shouldn’t be happening to you.” Ikinulong nito sa mga palad ang kanyang mukha.

Her eyes became misty. She cupped his face, too.

“Kaya ko ’to, Brad. Hindi ba’t makakayanan natin ’to? As long as we’re together.”

“And as long as we love each other, Barbara.”

They embraced each other na tila ba umaamot ng lakas sa isa’t isa.

“Hello, Barbara,” greeted a cold voice.

Nag-angat siya ng tingin mula sa binabasang libro. Kilala niya ang tinig. It was Brad’s mother.

“Mrs. Sebastian.” Kahit galit siya ay hindi niya kayang bastusin ito. Kapag ginawa niya iyon ay parang binastos na rin niya ang nobyo.

“I want to talk to you. Inside my car.” May pag-uutos sa boses nito bagaman mahina iyon.

“Opo.” Tumango siya.

Sabay nilang tinungo ang kinapaparadahan ng kotse nito. They were attracting attention. At gusto

niyang palakpakan ang ginang dahil mahusay pala itong artista. Lahat ng bumabati rito ay nginingitian nito and the smile looked genuine. Nang makapasok sila sa sasakyan ay agad itong nagsalita.

“Siguro naman ay makikinig ka na sa akin, Barbara.”

Napalunok siya. Alam niyang ito ang nagpatanggal sa scholarship program sa kanilang paaralan.

“Hindi ko nagugustuhan ang nakikita ko sa anak ko.” Umiiling-iling pa ito. “I thought pampalipas-oras ka lang niya kaya hindi ko siya sinaway nang magsabi siya na isang katulad mo ang girlfriend niya.” Pinasadahan siya nito ng nangungutyang tingin. “But I was wrong. He’s totally hooked on you. Nagtalo sila ng asawa ko dahil lang sa ’yo,” mariing saad nito.

“Tell me, Barbara, what do you want from my son? And don’t use love as an excuse. I won’t buy it. Alam kong may iba ka pang dahilan para ipagpilitan ang sarili mo sa anak ko.”

Nasaktan siya sa narinig. “Mahal ko po ang anak n’yo,” giit niya.

“Didn’t I warn you na hindi ako maniniwala kung iyan ang irarason mo? Sinisira mo ang buhay ng anak ko.”

“Hindi po totoo ’yan.”

“Kung mahal mo siya, you’ll set him free. Alam mong wala siyang mapapala sa ’yo. He needs someone with class. Isang babaeng makakatulong sa pag-unlad niya. It’s not you.”

“H-hindi ko po magagawa ang gusto n’yo.”

“Then you leave me no choice.”

“A-ano po ang ibig n’yong sabihin?” kinakabahang tanong niya.

“Simple lang. Kapag hindi mo iniwan ang anak ko, we will disown him. Wala akong pakialam kung hindi siya makatapos ng abogasya at panonoorin ko lang kayo habang naghihirap ang anak ko sa piling mo.”

Sunud-sunod ang ginawa niyang pag-iling. Paano maitatakwil ng ina ang sarili nitong anak?

“H-hindi n’yo po magagawa kay Brad ’yan.” Parang may masakit na bara sa lalamunan niya. Hindi niya kayang isipin na magiging miserable ang buhay ng mahal niya nang dahil sa kanya.

“Huwag mo akong hamunin, Barbara. Mas gugustuhin ko pang kalimutan na anak ko si Brad kaysa tanggapin ka sa pamilya namin. Bibigyan kita

nang hanggang bukas para mag-isip. Alam mo kung saan ako puwedeng puntahan,” pagtatapos nito sa usapan nila.

Nanginginig ang mga binti niya nang lumabas ng sasakyan ng ginang. Mabilis na sumakay ang driver pag-ibis niya at pinasibad na nito ang kotse.

Tuliro siya hanggang sa makauwi. Tama bang ipaglaban niya ang pag-ibig nila ni Brad gayong tiyak na magdurusa ito habang magkasama sila? Siya ang higit na masasaktan para rito.

Hindi siya makatulog nang gabing iyon. Ilang beses niyang pinag-isipan ang gagawin. Napaluha siya nang mapagdesisyunan na pinakamabuting mawala siya sa buhay ni Brad.

Alam niyang siya ang pipiliin ni Brad pero hindi niya maaatim na dahil sa kanya ay hindi matutupad ang mga pangarap nito. Kahit ang simpleng buhay na gusto nila ay malabong magkatotoo.

Napahagulgol siya sa higaan. Parang mabibiyak ang puso niya sa sakit.

Kinaumagahan ay nagtungo siya sa bahay ng mga Sebastian. Alam niyang wala si Brad nang araw na iyon dahil nasa Maynila ito. Kaya rin marahil itinaon ni Martina Sebastian na noon siya magbigay

ng desisyon.

Dinala siya ng kawaksi sa opisina ng ginang. Mukhang inaasahan na ng babae ang pagdating niya.

“I trust that this is the last time we have to see each other.” Itinukod nito ang mga siko sa lamesa sa unahan nito.

“P-pumapayag po ako sa gusto n’yo.” Nabasag ang tinig niya at kahit anong pigil niya ay sunud-sunod na pumatak ang luha niya. “Lalayuan ko po si Brad.” Nakagat niya ang labi upang di mapahagulgol.

“Madali ka naman palang kausap.” May kinuha ito sa drawer. “Pero matalino ang anak ko, Barbara. Sigurado akong hahanapin ka niya kung basta mo na lang siyang iiwan. So you have to sign these documents.” Inilapag nito sa lamesa ang papeles. “Nakalagay diyan na kapalit ng isang milyong piso ay lalayuan mo ang anak ko. Na sa sandaling makuha mo ang pera ay hinding-hindi mo na siya guguluhin at aalis ka na sa bayang ito.”

Nanginginig ang mga kamay niya habang pumipirma. Hindi na niya binasa ang nakasaad doon dahil malabong maintindihan niya sa kasalukuyang estado niya. Nanlalabo ang mga mata niya sa kaiiyak.

The woman in front of her was triumphantly

smiling. Nanalo ito. Tumayo na siya para umalis.

“Barbara,” tawag nito.

Dala ng kagandahang-asal ay lumingon siya rito. May kinuha itong sobre. Tumayo ito at lumapit sa kanya.

“You forgot your payment.” Impersonal na inabot nito ang puting sobre.

Kumuyom ang mga kamay niya sa kanyang tabi. Hindi siya papayag na pati ang dangal niya bilang tao ay makuha nito.

“Pasensya ka na, Mrs. Sebastian pero sa inyo na lang ’yan. Hindi ho pera ang minahal ko sa anak n’yo,” mahinang sagot niya bago tuluyang umalis.

Nang makauwi ay nag-empake siya ng mga damit. Kailangan niyang tumupad sa usapan. Muli ay napaiyak siya nang maisip na hindi na niya makikita si Brad.

She didn’t deserve someone like him. Hindi pala niya kayang ipaglaban ito. Ang lakas ng loob niyang mangako rito na kakayanin nila lahat, hindi naman pala niya kayang panindigan. Hindi niya kayang harapin pa ito.

He would hate her. Matapos mag-empake ay

iginalang niya ang paningin sa buong kabahayan. Tatlong buwan ang ibinigay na palugit sa kanya ng bangko bago mailit iyon. Ngayon ay hindi na niya kailangang problemahin iyon. Tila wala na talaga siyang babalikan.

Pagbukas niya ng pinto ay naroon ang Auntie Beatriz niya. May isang linggo na ito sa Geronimo at tumutuloy sa matalik na kaibigan nito. Dalawang beses na siya nitong dinalaw sa pag-asang makukumbinsi siya na sumama rito papuntang Canada. Inalok din siya nito ng tulong pinansyal ukol sa pagkakasangla ng bahay. Malabo ang sagot niya at hindi pa talaga sila gaanong nakakapag-usap.

Pagtataka ang nakalarawan sa mukha nito habang nakatingin sa kanya at sa bag na bitbit niya.

“Barbara, a-ano’ng ibig sabihin nito?” maang na tanong nito.

“Auntie...” Umiiyak na yumakap siya rito at sa pagitan ng paghikbi ay bahagyang ipinaliwanag dito ang sitwasyon.

Pilit siya nitong pinapasok muli sa bahay at naupo silang magtiya sa sala. Nakakaunawang hinagod nito ang likod niya.

“Ayokong isulong ang agenda ko sa ganitong

sitwasyon, pero ibig bang sabihin nito ay payag ka nang sumama sa 'kin?" Hindi ganap ang ngiti nito.

Sunud-sunod na tango ang isinagot niya. Kung anong buhay ang naghihintay sa kanya ay hindi niya alam. Nais niyang magpasalamat sapagkat sa kabila ng mga pangyayari ay may kamay na handang tumulong sa kanya. Habang papalayo sila sa bayan ng Geronimo ay patuloy sa pag-iyak ang puso niya.

Paalam, Brad...